



Inilunsad ng Opisina ng Mga Sining at Kultura ng Seattle ang Hope Corps, isang bagong programa ng pagpopondo na hinahangad na ipagkonekta sa mga pagkakataon sa karera ang mga manggagawang kulang at walang trabaho sa mga malikhaing industriya.

Sino: Mga indibidwal na artista, mga tagapagturo ng sining, mga gumagawa ng mga pangkultura, mga administrador sa mga sining, at mga malikhaing manggagawa; mga maliliit na komunidad; at mga organisasyon ng sining at kultura na nasa King County

Ano: Magmungkahi ng mga konsepto ng proyekto na 1) Magbibigay ng mga pagkakataon sa karera para sa mga lokal na malikhaing mga manggagawa at 2) Makakatulong sa kapakanan at katatagan ng komunidad ng Seattle, sa loob ng anim o labindalawang buwan.

Ang pagpopondo ay mula \$15,000 hanggang \$300,000 para sa mga sumusunod na proyektong nakatutok sa mga larangan ng:

- Pampublikong Kalusugan
- Kalusugan at Pagpapagaling na Pangkaisipan
- Seguridad ng Pagkain
- Midya, Pamamahayag at Pagsasalaysay
- Panglipunang Koneksyon at Pagiging Kabilang
- Edukasyon sa mga Sining

Takdang Petsa: Ika-6 ng Hunyo, 2022, 5pm Pacific

Mga Online na Pagsasanay: Magparehistro para sa isang sesyon para impormasyon o sesyon para sa puna ukol sa draft ng aplikasyon para matulungan kayong magbigay ng inyong pinakamagaling na aplikasyon:

- Lunes, Ika-23 ng Mayo, 2022, 6-7 ng gabi - Sesyon para impormasyon: RSVP
- Biyernes, Ika-27 ng 2022, 11 ng umaga hanggang 1 ng hapon -- Sesyon para sa Puna Ukol sa Draft ng Aplikasyon: RSVP
- Martes, Ika-31 ng Mayo, 2022, 4 - 6pm -- Sesyon para sa Puna Ukol sa Draft ng Aplikasyon: RSVP

Matuto ng higit pa sa bit.ly/hopecorps2022, o kontakin si Alex Rose, Hope Corps Project Manager, sa (206) 459-6517 o sa alex.rose@seattle.gov (may makukuhang mga serbisyo ng tagapagsalin).